

Atensyon mga Teknikal na Intern,

Paraan para makasigurong makuha ang halagang 100,000yen Special Cash Payment at mga dapat tandaan sa pagsagawa nito.

Ang gobyerno ng Hapon ay magbibigay ng 100,000 yen (Espesyal na Tapat nang Benepisyo) upang labanan ang bagong coronavirus. Ang 100,000 yen ay maibibigay sa mga teknikal na intern trainees na nakarehistro bilang mga residente mula noong ika- beinte syete (27) ng Abril.

Kung ang panahon ng pamalagi niyo sa bansa ay paso na noong Marso o Abril, at kung ang estado ng iyong paninirahan ay napalitan ng maikling panahon ng pamamalagi (Short-term Stay) o mga naitalagang gawain (Designated Acitivities) , pwede kang maging karapat-dapat para sa allowance.

\*Maari mong basahin ang mga guidelines na may labindalawang iba't ibang linguahe sa link na makikita sa ibaba.

[https://www.soumu.go.jp/menu\\_seisaku/gyoumukanri\\_sonota/covid-19/kyufukin.html](https://www.soumu.go.jp/menu_seisaku/gyoumukanri_sonota/covid-19/kyufukin.html)

Upang makasiguro na ang mga teknikal na mga intern trainees ay makakatanggap ng 100,000 yen, nagpalabas ng mga abiso ang gobyerno ng Hapon para siguraduhin na ang mga kompanya at iba pang nangangasiwang organisasyon ay sumusuporta sa paraan ng aplikasyon para sa kani-kanilang mga teknikal na intern trainees. Kung may problema sa pamamaraan ng aplikasyon, magtanong kayo lang sa nangangasiwang organisasyon para matulungan kayo.

#### (1) Makakatanggap ng Aplikasyon

Ipapadala ang application form sa post office mula sa opisina ng lungsod kung saan ka nakatira.

- 1 Itsek ang sulat.
- 2 Upang mapadaling makarating ang sulat mo sa'yo, kinakailangang gumawa ka ng hiwalay na mail box para sa mga sulat para sa teknikal na intern trainee o hingiin

mo sa kompanya/nangangasiwang organisasyon na isulat ang pangalan ng teknikal na intern trainee sa mail box.

- 3 Kung hindi mo natanggap ang application form, tanungin mo ang kompanya o ang nangangasiwang organisasyon.

## (2) Pagnatanggap na ang application form

- 1 Sa application form, isulat ang iyong pangalan, numero ng iyong telepono kung mayroon ka, at numero ng account ng bangko mo.
- 2 Magpaphoto copy ka ng iyong residence card (likod at harap), passbook mo sa bangko, o cash card mo.
- 3 Ipadala ang nakasulat sa una at ikalawang sa opisina ng lungsod kung saan ka nakatira.

Pakitingnan ng lang sa mga sumusunod na instruksyon na nakasulat sa iba't-ibang linguahe, kung paano sulatan ang application form. (Ang application form ay hindi naisusulat sa iba't-ibang linguahe)

[https://www.facebook.com/rinkosakanetwork/?modal=composer&notify\\_field=profile\\_picture](https://www.facebook.com/rinkosakanetwork/?modal=composer&notify_field=profile_picture)

Kung kailangan mo ng tulong mula sa iyong kompanya o sa kooperatiba, upang sulatan ang application form, kopya ng dokumento, o ipadala ito, pakiusap humingi ka ng tulong mula sa kanila.

## (3) Kung wala kang account sa bangko

Kung wala kang account sa bangko, maari mong matanggap ang kabuuan na halagang 100,000 yen sa munisipyo kung saan ka nakatira. Humingi ka ng tulong mula sa nangangasiwang organisasyon para suportahan kang kunin mismo ang halaga mula sa opisina ng siyudad.

## (4) Atensyon

- Ang paraan ng aplikasyon ay gagawin mismo ng teknikal na intern trainee, at ang 100,000 yen ay ihuhulog mismo sa account ng banko ng mismong pangalan ng teknikal na intern trainee. Pakiusap mag-ingat sa mga nagbibigay ng serbisyo na humihingi ng bayad para gawin ang paraan sa pagkuha ng benepisyo para sa'yo.
- Hindi ka makakatanggap ng tawag o liham mula sa lungsod ng opisina bago mo maipadala ang application form. Pakiusap, mag-ingat ka, upang hindi ka maloko. Kapag kinausap ka ng kompanya mo o nagangasiwang organisasyon na pumirma sa dokumento; ngunit hindi ka naman siguradong makakatanggap ka ng application, huwag kang pumirma lalo't alam mo kung para saan ang application form na 'yon.
- Kapag ang kompanya mo o nagangasiwang organisasyon ay hindi sumusuporta sa proseso ng iyong aplikasyon at inalis o hindi binigay sa'yo ang application form mo, pakiusap , tumawag ka sa amin. Ganoon din , tawagan mo kami kapag ang kompanya mo o nagangasiwang organisasyon ay namimilit sa'yong maggamit ng proxy o magbayad ng proxy fee.

Kumontak sa: Network para sa Karapatang ng mga Teknikal na Intern Trainees. (NRTIT)

Gaikokujin Gino Jisshusei Kenri Network (外国人技能実習生権利ネットワーク=がいこくじんぎのうじっしゅうせいけんりねっとわーく)

Address: 3F, 1-12-6, Ueno, Taito-ku, Tokyo

TEL: 03-3836-9061

★Sapporo Chiiki Roso (札幌地域労組=さっぽろちいきろうそ)

Address: Jichiro Kaikan 3F, 7-5-3, 6 Jo Nishi, Kita-ku, Sapporo city, Hokkaido

TEL : 011-756-7790 E-mail : [sgu@s-union.gr.jp](mailto:sgu@s-union.gr.jp)

<https://www.facebook.com/sunion.sapporogeneralunion>

★Zen Toitsu Rodo Kumiai (全統一労働組合=ぜんとういつろうどうくみあい)

Address: 3F, 1-12-6, Ueno, Taito-ku, Tokyo

TEL: 03-3836-9061 E-mail : [zwu@nifty.com](mailto:zwu@nifty.com)

★Zainichi Biruma Shimin Rodo Kumiai (FWUBC)(在日ビルマ市民労働組合=ざいにちびるましみんなろうどうくみあい)

<https://www.facebook.com/groups/1501089953442101/?ref=share>

★Gifu Ippan Rodo Kumiai Gaikokujin Sodan Center (岐阜一般労働組合外国人相談センター＝ぎふ  
いっぱんろうどうくみあいがいこくじんそうだんせんたー)

Address: 3-36, Hirakata, Fukuju-Cho, Hashima-City, Gifu

TEL : 090-8496-9668

★RINK (りんく)

Address: 201, 1-2-11, Uchihonmachi, Chuo-ku, Osaka-shi, Osaka

TEL : 06-6910-7103 E-mail : [rink@a.email.ne.jp](mailto:rink@a.email.ne.jp)

[https://www.facebook.com/rinkosakanetwork/?modal=composer&notify\\_field=profile\\_picture](https://www.facebook.com/rinkosakanetwork/?modal=composer&notify_field=profile_picture)

★Scrum Union Hiroshima (スクラムユニオン・ひろしま＝すくらむゆにおん・ひろしま)

Address: 1-3-16, Futabanosato, Higashi-Ku, Hiroshima-city, Hiroshima

TEL : 0120-501-581 E-mail : [scrum\\_u34@ybb.ne.jp](mailto:scrum_u34@ybb.ne.jp)

<https://www.facebook.com/profile.php?id=100049079405163>

★Union Kitakyushu (ユニオン北九州＝ゆにおんきたきゅうしゅう)

Address: 1-7-7, Manazuru, Kokurakita-ku, Kitakyushu-city, Fukuoka

TEL : 0120-501-581 E-mail : [union-k@joy.ocn.ne.jp](mailto:union-k@joy.ocn.ne.jp)

<https://www.facebook.com/unionkitakyushu/>